

KABANATA IX : HURISDIKSYON AT MGA PAMAMARAAN SA PAGPAPATUPAD NG MGA KARAPATAN

Seksyon 65. Pagiging Pangunahin ng mga

Kinaugaliang/Katutubong Batas at mga Kaugalian. Ang mga hidwaan sa pagitan ng mga kapwa Katutubong

Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan ay lulutasin sa pamamagitan ng kinaugaliang/katutubong batas at kaugalian.

Seksyon 66. hurisdiksyon ng PKKP/NCIP. Ang

PKKP/NCIP, sa pamamagitan ng kanyang mga

Tanggapang Panrehiyon ang may tanging hurisdiksyon

(jurisdiction) o kapangyarihan sa lahat ng mga pag aangkin at hidwaan na tungkol sa mga karapatan ng mga

Katutubong Pamayanang Kultural/Katutubong

Pamayanan. Dahil dito, walang hidwaang idudulog sa

PKKP/NCIP maliban kung ang magkabilang panig ay

naubusan na ng lahat na kaparaanan ng panlunas na

itinatadhana sa ilalim ng kanilang mga kinaugaliang

katutubong batas. Sa katuparan ng layuning ito, gagawa

ng isang katibayan ang Kapulungan ng mga

Nakatatanda/Pinuno ng tribo na lumahok sa

pagtatangkang maayos ang hidwaang hindi rin nalutas,

na ang katibayan ay isang kondisyon bago ang

paghahain ng petisyon sa PKKP/NCIP maliban kung ang

magkabilang panig ay naubusan na ng lahat

nakaparaanan ng panlunas na itinatadhana sa ilalim ng

kanilang mga kinaugaliang/katutubong batas. Sa

katuparan ng layuning ito, gagawa ng isang katibayan

ang Kapulungan ng mga Nakakatanda/Pinuno ng tribo

na lumahok sa pagtatangkang maayos ang hidwaang

hindi rin nalutas, na ang katibayan ay isang kondisyon

bago ang paghahain ng petisyon sa PKKP/NCIP.

Seksyon 67. Mga Paghahabol sa Hukuman para sa Paghahabol (Court of Appeals). Ang mga kapasyahan ng PKKP/NCIP ay maaaring habulin sa Hukuman para sa Paghahabol sa pamamagitan ng isang "Petition for Review."

Seksyon 68. Pagpapatupad ng mga Pasya, Gawad at Kautusan. Sakaling sa pagtatapos ng panahong nakatadhana ditto, walang paghahabol na mabubuo ang

sinuman sa magkatunggaling panig, ang Punong Tagadinig ng PKKP/NCIP, sa sarili nitong pagkukusa o mula sa kahilingan ng isang panig, ay magbibigay ng isang "Writ of Execution" utos sa pagpapatupad na kinakailangan ng 'sherif' o ng wastong opisyal/tauhan upang ipatupad ang pangwakas na pagpapasiy, kautusan o gawad ng Panrehiyong Punong Tagadinig ng PKP/NCIP.

Seksyon 69. MalaHukumang Kapangyarihan ng PKKP/NCIP. Ang PKKP/NCIP ay mayroong sumusunod na mga lakas at kapangyarihan:

a. Magpahayag ng mga tuntuning at kautusan na sumasaklaw sa pagdinig at pagaayos sa mga kasong ihinain ditto gayundin ang ibang may kaugnayan sa mga panloob na tungkulin at mga kautusan at tuntunin na maaaring kailanganin sa pagpapatupad ng mga layunin ng Batas na ito;

b. Mamamahala ng mgasinumpaang salaysay, tawagin ang mga panig na may hidwaan, maglabas ng mga 'subpoena' na nangangailangan ng pagdalo at pahayag ng mga saksi o paggawa ng mga aklat, kasulatan, kontrata, talaan, kasunduan at iba pang kasulatang may katulad na katangian na maaaring mahalaga sa makatarungang pagpapasya sa mga bagay na isinasailalim sa pagsusuri o pagdinig na ginagawa sa pagsasakatuparan ng Batas na ito;

k. Pigilin ang sinumang taong nanghamak o lumapastangan sa hukuman, tuwiran man o hindi, at magpataw ng kaukulang parusa para dito;

d. Ipatigil ang alinman o lahat ng mga batas na may kaugnayan o nagmula sa anumang kasong nakasampa ditto kung saan, kung hindi kagyat na mapipigilan, ay maaaring magdulot ng maselan at dimapagtatakpan pinsala sa alinmang panig sa kaso o malubhang

maaapektuhan ang gawaing panlipunan at pangkabuhatan.

Seksyon 70. Pansamantalang Utos sa Pagpipigil

(Restraining Order) o "Preliminary Injunction." Walang mababang hukuman sa Pilipinas ang magkakaroon ng kapangyarihan na magpalabas ng

anumang kautusan na nagpipigil (restraining order) o

kasulatan sa panimulang kautusan (writ of preliminary

injunction) laban sa PKKP/NCIP o alinmang kaso, hidwaan o pagtatalong nagmula, o kailangan sa

pagpapakahulugan sa Batas na ito at iba pang mga

kaugnay na batas hinggil sa mga Katutubong

Pamayanang Kultural/Katutubong Pamayanan at sa

lupang ninuno.

Revision #1

Created 1 June 2025 05:51:55 by MaharlikanWatchman

Updated 1 June 2025 05:52:19 by MaharlikanWatchman